## Tiyakin

**A. Anong uri ng kalamidad ang inilalarawan sa Hanay A? Sipiin ang mga letra ng sagot sa Hanay B. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bawat bilang.**

| A | B |
|---|---|
| ________1. Pagyanig ng lupa at pagkasira ng mga gusali at mga kabahayan | A. lindol |
| ________2. Biglaang pagbabaha na dala ng malakas na bagyo o matagalang pagbuhos ng ulan. | B. El Niño |
| ________3. Pagguho ng lupa | C. Tsunami |
| ________4. Pagkakaroo ng tagtuyot | D. Landslide |
| ________5. Pagkakaroon ng malalaking hagupit ng alon mula sa baybaying dagat | E. Flash Flood |
| | F. Volcanic Eruption |

**B. Isulat sa patlang ang T kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at M kung mali.**

_________1. Ang *geohazard map* ay nagpapakita ng mga kung saan maaaring lumikas kapag matindi ang pag-ulan.

_________2. Nagmula ang *geohazard map* sa Pambansang Tanggapan para sa Pagtugon sa Sakuna o *National Disaster Risk Reduction and Management Council* (NDRRMC).

_________3. Gumagamit ang NDRRMC ng makina upang maobserbahan at matukoy ang galaw ng tubig kapag umuulan.

_________4. Nakatutulong ang *geohazard map* sa pagtukoy ng malakihang pagbaha sa iba't ibang panig ng ating bansa.

_________5. Magagamit ang *geohazard map* ng mga lokal na pamahalaan sa pagtukoy kung kalian magkakaroon ng pag-ulan at pagbagyo.

_________6. Pinakamapanganib sa lugar sa pagkakaroon ng volcanic eruption ang Camiguin dahil sa maliit ang lugar na ito.


_________7. Walang naulat na bilang ng mga aktibong bulkan sa Sulu.

_________8. May mga lugar na mapanganib sa pagguho ng lupa dahil sa lindol.

_________9. Pangunahing lugar ang Sulu at Tawi-Tawi na maaaring makaranas ng *tsunami* dahil malapit ang mga lugar na ito sa mga *trench*.

_________10. Nakakaranas ng *tsunami* ang mga lugar na Basilan at Romblon.

**C. Bumuo ng isang web tungkol sa kalamidad gamit ang *Frayer Model.* Gayahin ang modelo sa ibaba.**




LIVEWORKSHEETS